



## **Kulturang Popular ng Korapsyon Bilang Panlipunan at Pang-Araw-Araw na Mobilidad**

ni **Rolando B. Tolentino**

University of the Philippines Film Institute

Malawakan ang korapsyon sa bansa. Hindi na ito matatatwa. Ayon sa Ibon Media (2008), anim na malalaking korapsyon sa ilalim ni Gloria Arroyo ay may multi-bilyong kabawasan sa pondo ng bayan: “The six scandals, which include the fertilizer fund scam, the Jose Pidal bank accounts, the Northrail project, the IMPSA power plant project, the poll automation project and the Macapagal Boulevard project, have collectively cost the Filipino people some P7.3 billion pesos.”<sup>1</sup> Ang karumaldumal sa korapsyon ay ganito: sa isang bansang limitado ang kanyang yaman, ang limitadong yaman ay napupunta pa sa kamay ng iilan. Ayon pa rin sa Ibon Media, “For example, it could have been used to help the Department of Education (DepEd) bridge its resource gaps of classrooms, textbooks and teachers. According to DepEd figures, its 2008 budget is still P8.43 billion short in order to bridge its resource gaps for the year. It could also have been used to increase subsidies for indigent patients in government hospitals such as the Philippine General Hospital.”<sup>2</sup>

Hindi simple ang korapsyon sa bansa. Edemiko ang korapsyon sa pambansang administrasyon. Hindi susulong ang anumang bagay kung walang korapsyon. “By one estimate, an average of 20 [percent] to 30 percent of [the value of] every contract is lost to corruption or inefficiency—about P30 billion a year.”<sup>3</sup> Napakalawak nitong butas sa timba ng pambansang administrasyon na “[i]n early 2000, the World Bank estimated that corruption was costing the Philippines government \$47m a year - or a massive \$48 bn over the 20-year period to 1997.”<sup>4</sup> Sa isang mas huling pagtatanya, “A parliamentary committee in the Philippines calculated in 2002 that corruption costs that government some \$1.9 billion annually—twice the size of the national education budget.”<sup>5</sup>

May proyektong panatilihin ng korapsyon ang malawakang di-kapantayan sa bansa, ang balon ng tradisyunal na politika na nakakapagmobilisa sa pambansang administrasyon sa pamamagitan ng pandudusta sa nakararaming mamamayan. Hindi makakabili ng boto kung hindi nasa estado ng paghihikahos ang nakararami. Hindi pipila araw-araw kahit pa sa pinakapangit na kalidad ng murang bigas, kung kaya nang nakararami ang mas magandang kalidad. Hindi papasok sa bulok na pampublikong pampaaralan kung may perang pantustos sa pribadong paaralan.

Sa isang banda, “[C]orruption is inherent in a liberalized backward economy and has greatly benefited the Arroyo administration for the past seven years, while it continues to worsen the incidence of poverty and deny much-needed social services to millions of Filipinos.”<sup>6</sup> Integral ang korapsyon sa pagpapanatili ng namamayaning pakasyon ng naghaharing uri. Walang ibang paghuhuthutan ang bangkaroteng administrasyon kundi mula sa balon ng higit pang korapsyon. At sa proseso ng paghuthot, napapanatili kundi man higit pang napapalaki ang hidwaang makauri sa bansa. Kumbaga, ang korapsyon ang lumilikha ng “condition of the possible” na makapamayani ang pakasyon ng naghaharing uri. Sa kabilang banda, dahil integral ang “condition of the possible,” kahit pa dautin ang bansa at presidente nito bilang pinakamakurakot sa Asya at kasaysayan, ang mga ito ay ampaw na salita lamang. “Sticks and stones may break bones, words are indeed harmless,” ika nga.



Kaya kahit pa piliin ang bansa ng expatriates na sinurvey ng Hong Kong-based na Political and Economic Risk Consultancy bilang “most corrupt in Asia,” wala naman talagang pagtutuwid at pagbabalikwas na naganap matapos nito.<sup>7</sup> Sa survey ng Pulse Asia noong Disyembre 2007, pinili ng 1,200 na sinurvey si Arroyo bilang “most corrupt” na presidente sa kasaysayan ng bansa, lampasan pa kina Marcos at Estrada, mga pangulong napatalsik ng People Power.<sup>8</sup> Ito ay matapos ng \$21 milyong grant ng US Agency for International Development na makapaglatag ng programang anti-korapsyon noong 2006.<sup>9</sup>

Ang korapsyon, kung gayon, ay integral sa pananatili ng burukrata kapitalismo sa partikular, at imperialismo at pyudalismo sa pangkalahatan. Kung ang korapsyon ang nagbibigay-substansya sa pambansang administrasyon, ang akses sa serbisyo publiko ay binabalot ng politikang itinatakda ng namamayaning paksyon ng naghaharing uri. Ang namamayaning politika ay nagiging politikal na instrumento sa pagpapanatili ng naghaharing uri. Ang akses sa politikal na pagkamamamayan, lalo na sa mayoryang naghikahos, ay sa pamamagitan ng politikang itinakda ng namamayaning naghaharing uri. Na napapaisip tuloy ukol sa saklaw ng korapsyon at ng nosyon ng panlipunang mobilidad: kung ang gate ay hawak ng namamayaning paksyon ng naghaharing uri, at kung integral ang korapsyon sa kanilang paghahari, sa punto de bista ng mamamamayan, ang korapsyon ay natransforma na sa kulturang politikal na ang pagkaunawa at paglalaro ay integral sa pagkakaroon ng akses sa panlipunang mobilidad.

May dalawang idinadawit ang korapsyon bilang akses ng mamamayan sa dalawang uri ng mobilidad: una ay ang panlipunang mobilidad na naglalayong ng magandang ekonomiyang lagay sa pamilya at mahal sa buhay, at ikalawa, ang pang-araw-araw na mobilidad na nagtataguyod ng gitnang uring panuntunan sa ordinaryong buhay. Kung napakalawak at napakalalim ng korapsyon, wala nang idinedeklara at itinatago na imahinaryo ng panlipunan at pang-araw-araw na mobilidad na hindi hiwalay sa korapsyon. Ang kulturang popular ng korapsyon ay ang politikal na imperatibo para sa ekonomikong kagalingan. Ang tatalakayin ng sanaysay ay ang kalakarang kultural na integral sa kulturang popular ng korapsyon, at ang layong magkaroon ng politikal na karapatang magdudulot ng ekonomikong kagalingan.

### **Unang Kaso: Ang wika ng korapsyon**

Sa *Corruptionary: natatanging diksyonaryo ng mga salitang korapsyon*, matatagpuan ang mga salita, phrase at ekspresyong gamit sa pang-araw-araw na korapsyon.<sup>10</sup> Matatagpuan sa diksyonaryong ito ang linggwistikang kalakaran kung paano ang pambansang korapsyon ay nagkaroon ng alingawngaw sa pang-araw-araw. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng linggwistikang kalakaran matutunghayan ang dalawang bagay. Una, ang normalisasyon ng karanasan sa korapsyon sa dialektikal na negosasyon ng indibidwal sa politikal na kapangyarihan, tulad ng pulis at korte na gamit ang ekonomikong biyaya ng korapsyon sa isang banda, at sa ekonomiyang kapangyarihan, tulad ng negosyante o indibidwal na pumapasok sa politikal na engagement sa korapsyon, paano mapapabilis ang transaksyon o malulusutan ang kaso, halimbawa, sa kabilang banda. Ikalawa, ang pagtagos ng negosasyon ng malalaking kaso ng panlipunang mobilidad sa maliliit na kaso ng pang-araw-araw na mobilidad, o kung paano ang korapsyon ay instrumental sa politikal na aspirasyong ekonomikong makaangat sa lipunan sa pangmatagalan at kagyat na panahon.

Nagagawa ito sa pamamagitan ng pag-angat ng referensiya ng korapsyon sa pang-araw-araw na kapaligiran, bagay at karanasan. Halimbawa ay ang paghalaw sa Katolikong relihiyon at ang transformasyon nito ng kahulugan tungo sa representasyon ng di-matwid ngunit naging katanggap-tanggap na karanasan sa korapsyon: apostol, anak ng diyos, anointed ones, baby ng anak ng diyos, basbas, bendisyon, at grasya. Sa mga salita at katawagan, may rekognisyon sa hierarkiya ng



kapangyarihan--may anak ng diyos, may baby ng anak ng diyos, at may sangay ng kadiyos-diyosan ng politikal na kapangyarihan, halimbawa. Ang rekognisyon ay ang pagkilala ng struktura ng kapangyarihang dapat dulugin para makaangat ang indibidual, o kung ano ang hindi na dapat tanungin dahil sa mas nauna't mas malaking strukturang nakasandal sa pader ng kapangyarihan. Hindi mabubuwig at matitinag, at kung gayon, pati na rin ang interconnectivity ng kapangyarihan sa dalawang antas: sino ang mayroon at wala nito, at ano ang "six-degrees of separation" ng indibidual sa sentro ng kapangyarihan.

Mayroon ding misrekognisyon sa kapangyarihan—ang isipin na hindi na ito matitinag pa. Nagagawa ito dahil sa referensiya sa Katolisismo, at kung gayon, wala nang pagtitiwalag sa mga metapisikal na isyu. Ang indexical na referensiya sa Katolisismo ay ang pag-angkat sa diskurso ng metapisika ng kapangyarihan, kung saan ang kapangyarihan ay mas nagiging katanggap-tanggap (mas makapangyarihan) kung nasa labas na ito ng praxis, at pumaloob sa kaibuturan ng kaisipan. Kaya hindi na mababago dahil pinaniniwalaan na ang metapisika ng materialidad ng kondisyon at karanasan ng korapsyon. Ang larangan na lamang ay ang paglaro sa kondisyon at karanasan ng korapsyon, hindi ang pagbabalikwas ng kalakaran.

Heto pa ang ilan sa pinaghahalawan ng mga entri sa diksyonaryo:

Mula sa kalikasan: araw, galamay, ambunan, arbor, green

Mula sa pang-araw-araw na bagay: bahaw, baterya, hamborjer, brown bag, bukol, butas, calorlator, gatasan, dummy, envelop, panggasolina, pampalamig, pampainit, milking, manok, kalbuero, pwet ng baso, red tape, suyod, under the table

Mula sa pang-araw-araw na kilos: bisto, hilot, himas, diskarte, estimahin, masahe, luto, lusot, lukot, laglag, gapang, shopping

Mula sa krimen: bangag, bantay-salakay, biskleta gang, colorum

Mula sa pelikula: bituing walang ningning, tinimbang ka ngunit kulang

Mula sa syensya: bacteria, buwaya, buwitre, double-dead, virus

Mula sa sports: game-fixing, balato

Mula sa korte: fixcal, falsification of records, blood money, hood in uniform, retainer

Mula sa pag-aaginaldo: goodwill money, regalo

Mula sa trabaho: 15:30, apprentice, boundary, agent, backer, downpayment, DTR, commission, Republic Act 1530

Mula sa eleksyon: dagdag-bawas, vote shaving, vote padding

Mula sa cellphone: panload, G-100, G-300, S300

Mula sa edukasyon: grades for sale, prinsipal

Mula sa kababalaghan: ghost employee, ghost meeting, ghost project, ghost delivery

Mula sa relasyon: prinsipal, backer, ninong, ninang, padrino, kapit-an

Mula sa pagsusugal: tong, balato

Mula sa estado: bureaucrazy, for official use only

Mula sa proper nouns: Chinatown, Department Store of Justice, Drakula, Greedy Group Plus Plus, Kamag-anak Inc., Lutong Macoy

Kung susumahin, ang mga entri ay halaw sa mga aspekto ng politikal at pang-araw-araw na buhay: politikal dahil may pagkilala sa mga karanasan sa aparatong pang-estado, tulad ng pulis, eleksyon, edukasyon, at korte; pang-araw-araw dahil ang bawat aspekto ng ordinaryong buhay ay may kaulayaw nang pakikipagtunggali sa karanasan sa korapsyon. Kung gayon, wala nang dumaranas ng ordinaryong buhay na hindi saksi, kundi man kalahok sa karanasan sa korapsyon. Saklaw ng politikal at pang-araw-



araw ang kultura na nagsasaad ng malawak na sakop ng karanasan sa korapsyon. Wala nang posibilidad ng kulturang imahinaryo ng mobilidad na hindi may pagdanas sa korapsyon: espesyal na binyag, pagkuha ng birth certificate, pagpasok sa publikong eskwelahan, diswkento sa hotel na pagpro-prom dahil kakilala ng nanay ang HR (human resource) head, pagkuha ng lisensya, paghalalal, pagpapakasal, pag-aanak, pagkamatay. Sa madaling salita, saklaw ang indibidwal ng kultura ng korapsyon mula pagsilang hanggang kamatayan. Nagsasalikop ang personal at politikal na buhay ng indibidwal at mamamayan.

At hindi rin kakatwa sa kulturang popular ng korapsyon, malaki ang premium sa perang panuhol bilang langis na mabibigay-enerhiya kundi man magpapadulas ng buhay. Maraming mga salita at phrase ang gamit na pantukoy sa pera:

Pantukoy ng pera: asul, arrovo, dead, G-100, G-300, Ninoy, jojivo, presidente, tatlong abogado, "Three Little Pigs," kyaw, Tito Vic and Joey, pula, Quezon, Roxas, dead, arrovo, lila, zero-zero, S300, yellow 1, yellow 3, blue, violet

Maging ang prepaid load sa cell (G-100, G-300 at S300) ay na-convert na rin sa sakop ng perang kalakalan ng komersyo sa kultura ng korapsyon. Integral ang pera sa sirkulasyon ng makabuluhang karanasan sa korapsyon. Mula maliliit na salapi hanggang prepaid load, ang korapsyon ay sinusustina ng pera. Kung susuriin rin naman, ang bawat entri sa diksyonaryo, tulad ng nakalista sa itaas, ay nagsasaad ng preclusion ng pera.

Ang pinakamaraming pang-estadong aparatong pinagdadanasan ng karanasan sa kultura ng korapsyon ay ang pulisya. Sa partikular, ito ay saklaw sa karanasan sa pagmamaneho at iba pang kahalintulad na spero ng pribatisadong buhay na may kontrol pa rin ang pulis.

Pantukoy sa pulis: kotong cop, chocolate boys, flying squad, hulidap, highwayman, kay Hepe, pulis patola

Kung isasaaalang-alang muli ang mga entri, ang estado ang puno't dulo ng karanasan sa korapsyon. Mula karanasan sa eleksyon hanggang edukasyon, serbisyong publiko hanggang pagtukoy sa presidente (lutong Macoy), ang estado ang giyang gabay sa pagmapa ng karanasan sa korapsyon. Walang korapsyon kung walang estado. At dahil lumalawak ang papel ng estado sa pagdanas ng panlipunan at pang-araw-araw na buhay, nagiging politikal ang anumang relasyon sa estado. Kung ang pangunahing katangian ng pambansang estado ay pangungurakot, hindi maihihiwalay ang panlipunan at pang-araw-araw na negosasyon ng politikal na buhay na hindi isinasaalang-alang ang korapsyon ng estado.

Kung gayon, ang rekursong hinihimok na rin ng estado ay ang pribatisasyon ng mobilidad. Kung ayaw ng korapsyon, isinasaad ang tila pagputol sa relasyon ng indibidwal sa estado. Ang pagkakaroon ng relatibong otonomiya ng indibidwal ay nakasalalay ng hindi niya pagsandal sa estado, o ang kapasidad niyang makapagbayad para sa serbisyo publiko, hindi sa subsidyong rate kundi sa komersyal na halaga nito. Ang diin ng estado ay isapribado ang condition of the possible ng mobilidad, gawing kaasa-asa lamang sa gitnang uring indibidwal, na wala sa proximidad ng kusina ng kapangyarihan, ang sarili nitong redempson hindi lamang sa kultura ng korapsyon kundi ng politikal na akses na rin sa pagkamamamayan. Ito ang neoliberalismong aspekto ng kultura ng korapsyon na may diin sa pribatisasyon ng serbisyong pampubliko, at nagsasaad din ng komersyalisasyon at deregulasyon ng mga serbisyo.



**Ikalawang Kaso: Kulturang biswal ng korapsyon**

Ang ikalawang tatalakayin ang taktika ng kulturang biswal sa politika. Ang mga halimbawa nito ay mga imahen ng politiko sa proyektong pamamamayan, paggamit ng inisyals ng politiko bilang biswal na alaala, at iba pa. Sa Quezon City, ang SB (serbisyong bayan) ay halaw sa inisyal ng meyor nito. Sa Pasig City, ang E (mula sa apelyido ng meyor nito) ay kabahagi ng maraming artifact ng serbisyo publiko, tulad ng poste ng ilaw, at iba pang bagay. Paano ginagawang normal ang korapsyon? Ano-ano ang pag-aaksesorya ng politikal na interes sa korapsyon? Kung ganito ang kalakaran sa politika—ang pamumudmod ng imahen ng politika at politiko sa mamamayan—ano ang sinasambit na kasalukuyang politikang kultural (cultural politics)? Paano rin ito binabalikwas ng kontraryong kulturang biswal ng kilusang mamamayan, tulad ng graffiti at paper mache na imahen ng politiko, at mismong substansya ng biswalidad ng nagkakaisang mamamayan?

Ang isinasaad ng pangalan, inisyal at imahen ng politiko—mula pambansa hanggang sa baranggay na antas—ay ang awtoridad na pumirma sa serbisyo publiko. Siya ang awtor na nag-aakda ng tempo, kalidad, kantidad, saklaw at lawak ng proyekto. Siya ang may kapangyarihang mag-ari sa proyekto, at i-publicize ang proyekto bilang manifestasyon ng kanyang politikal na kapangyarihang makapag-akda. Ang isinasaad ng proliferasyon ng mga aksesorya (pangalan, inisyal at imahen) ng politikal na kapangyarihan ay ang kapangyarihang magpadami at mag-reproduce sa aktwal na kapangyarihan. Dagdag pa rito, ang pagsasa-estetika ng kapangyarihan: blue at pink ni Bayani Fernando, blue at dilaw ni Robert Eusebio ng Pasig City, dilaw ni Sonny Belmonte, at iba pa. Ang kapangyarihan, para maisiwalat, ay pinararami ang aksesorya karugtong ng aktwal na politikal na kapangyarihan. At ang pagsisiwalat ay nangangahulugan ng paggamit ng estetika sa mga artifak ng aksesorya, o ang pag-aksesorya sa aksesorya.

Ang ginagawa nito ay ang estetika ng kapangyarihan, at ang kapangyarihang makapag-estetika. Sa una, ang estetika ay inilalangkap bilang mismong aksesorya, tulad ng pangalan, inisyal at imahen ng politiko. Kabahagi ang estetika ng kapangyarihang makapag-awtor ng proyekto. Sa ikalawa, ang estetika, kahit taliwas sa panlasa ng mga intelektwal at artist, ay masasang-ayunan na rin ng maraming mamamayan dahil, at least, may makulay na pinta naman ang pedestrian walk, poste ng ilaw, at iba pang bagay ng kapangyarihan. At walang magagawa ang mga tumataliwas sa estetika ng kapangyarihan dahil isinasaad ng mismong estetika ang kapangyarihang makapag-estetika—kung sino may hawak, kontrol at nagpapadaloy ng mismong estetika.

Ang biswal na kultura ng korapsyon ay imeldific ang nature. Ipinapalaganap ang politiko, at ang kanyang kapangyarihang makapaglunsad at mintina ng proyekto nang lampas-lampasan sa aktwal nitong halaga. Megalomaniac talaga, at ang pagkilala na ang proyektong pampubliko ay inaakda ng politiko. Ang biswal na kultura ang nagpapahiwatig di lamang ng authorship sa proyekto kundi ng kapangyarihang maging mnemonic device o memory-installing mechanism para sa longevity ng retensyon ng politiko sa utak ng mamamayan, lampas sa aktwal na buhay ng proyekto.

Kung ang sining biswal ang nagpapahiwatig ng awtorship at retensyon sa alaala ng aktwal na kapangyarihan, ang isinasaad ng paglahok ng aksesorya ng politiko ay ang dalawang bagay. Una ang kalakarang pagreregalo ng politiko ng serbisyo publiko sa mamamayan, na ang karanasang integral sa pagiging publikong ofisyal ng politiko ay nangangahulugan ng peryo-peryodiko at pang-araw-araw na pagpapahayag sa publiko ng proyektong sa una naman talaga ay kabahagi ng inakong posisyon. Ang pagreregalo o “gifting” ay ang hayagang manifestasyon ng tasitong korapsyon: nandiyan pero naka-



disguise bilang proyekto ng serbisyo publiko. At ang nawawala ay umuukol sa mas malaking kaganapan ng korapsyon.

Ang kalikasan ng korapsyon ay gawin itong nakatago, sa paraang sikretong publiko na alam ng lahat kahit hindi dapat ito ginagawa (tulad ng taboo), o bagay na ipinagbabawal pero ginagawa sa patagong paraan (tulad ng incest). Sa pamamagitan ng skandalo, ang erupsyon ng kaso o ang pagiging vulgar nito na ibinubuyayang ang kalakhan ng mga detalye sa unang usapin ay dapat nakatago o pabulong na pinag-uusapan, ang dumidiskaril ng equilibrium ng pagiging publikong sikreto at patagong gawain ng skandalo. Pero sa saklaw ng pambansa at individual na pagdanas ng skandalo, parating nandoon at nandito ang skandalo, hindi man ito nahahayag nang matwid at madalasan.

Ang kailangan din kasing gawin ng korapsyon sa pamamagitan ng skandalo ay gawing natatangi o exceptional ang karanasan sa korapsyon. Na tila bagang hindi naman ito nangyayari sa pang-araw-araw, at lalong hindi sa masibong antas. Kahit pa nga sa nauna nang diskusyon, malawakan at malaliman ang katangian ng korapsyon. Ang skandalo ay peryo-peryodikong pag-uumapaw para maitago ang mas malawakang nagaganap nang patago. At kung magpakaganito, ang skandalo ay hindi pa nagaganap sa kapasidad nitong mag-umapaw pero kalkulado rin namang pag-uumapaw. Walang skandalo na hindi tumukoy sa politiko, at dahil walang malalaking politiko na ipinabagsak ng skandalo, walang skandalo ng korapsyon ang nakakapagpabagsak sa politiko. Hindi korapsyon ang nakakapagpabagsak ng politiko dahil integral nga ang korapsyon sa pagmimintina ng kapangyarihan ng politiko. Ang “mismanagement” o ang di pagtiyak sa pwersang muling makakapagpahupa ng skandalo sa korapsyon ang nakakapagpabagsak sa politiko.

Ang ipinagkaiba ni Joseph Estrada kay Gloria Arroyo ay tinanggap na lamang ng una na normal ang korapsyon, na pwede itong pumirma ng ibang pangalan kahit pa may saksi sa perang bahagi sa jueteng. Si Arroyo naman ay nananahimik lang tuwing may pagputok ng skandalo ng korapsyon, bigla itong dumidistansya hanggang humupa ang skandalo dahil alam niyang siya ang puno’t dulo ng malakihang skandalo. Dumidistansya siya sa imahen ng normalidad ng korapsyon. Pero sa pamamagitan ng normalidad ng politiko at aksesorya ng kapangyarihan, naihahayag ang litaw na aspekto ng skandalo. Wala namang proyektong nasimulan, ginawa at natapos nang hindi nga nababahiran ng korapsyon. Ang bagay na di isinasaad ng pag-aksesorya ng kapangyarihan ng politiko ay pagdugtong sa proyekto sa parametro ng korapsyon. Dahil nga ang korapsyon ay hindi naman dapat inihahayag, ang isinasakatuparan ng politiko ay ang rebersong diskurso ng pagdudugtong sa inbisibilidad ng korapsyon sa bisibilidad ng serbisyon publiko.

Ang ikalawang isinasaad ng paglahok ng politiko sa aksesorya ay ang kaantasan at kaayusan ng korapsyon. Na siyang nag-aakda ng proyekto ay kabahagi ng kaayusang nagpapadaloy ng kahalintulad na pag-aakda sa iba’t ibang antas ng pamahalaan. Na ang baranggay captain ay nasa ilalim ng mayor na nasa ilalim ng gobernador na nasa ilalim ng pangulo. At kung gayon, ang paggamit ng aksesorya ay pagsisiwalat din ng kung sino at ano ang ranggo ng akses sa kapangyarihan. Ito ang nagre-reproduce sa sistema ng korapsyon bilang sistemiko sa lokal at pambansang pamahalaan.

Ang nangyayari sa proliferasyon ng sining biswal ng kapangyarihan ay gawing personalisado ang negosasyon sa kapangyarihan ng politiko. Branding kumbaga sa produkto na nagpapaiba sa politiko sa kanyang mga kahanay. At kung matagumpay ang branding—na nangangahulugan din naman ng mas epektibong paged-deliver ng serbisyo publiko—ang politiko ay nagiging katanggap-tanggap sa maraming mamamayan. Ang hindi rin naman isinasaad ng branding ng politiko ay ang nagiging katanggap-tanggap ang kalakaran ng pagreregalo sa serbisyo publiko, at ang kaantasang pampolitika na nagiging kaantasang



pang-ekonomiyang ganansya. Sa paglalagay ng mga tarpaulin na nagtataglay ng imahen, pirma, pangalan ng politiko sa mga proyekto, nagiging katanggap-tanggap ang kaibahang ayos ng korapsyon, ang paglalantad ng publikong aspekto nito, at kung gayon ang politikal na legitimacy ng korapsyon ay isinisiwalat din.

Kung ang wika ay nagtataglay ng afinidad sa nosyon din ng pagreregalo, kundi man pag-aareglo, sa mga opisina, personalidad at extensyon ng politikal na kapangyarihan, ang biswal na sining ng korapsyon ay nagsasaad ng normalidad ng aspektong hayag ng korapsyon. Nagsisiwalat ang dalawang kaso ng aktiyud ng katanggap-tanggap (tolerance) ng korapsyon na nagpapaiba sa iba pang karanasang pang-estado. Tunay na fasismo at korapsyon ang lehitimong marka ng estado ng bansa, at kung magpakaganito, ang korapsyon ay mas epektibong nagiging normal sa pambansang kalakaran dahil ito ay mas may kalidad ng hayag na katanggap-tanggap at nagpapaiba kaysa sa fasismo—patago, paghugas-kamay, mas mahirap i-window dress kumbaga.

Sa teknolohiya at ekonomiya ng tarpaulin, colored pa ang aksesorya ng kapangyarihan. At ang teknolohiyang gamit ng politiko ay hindi naman nahuhuli sa kahlintulad na billboards na gamit ng negosyo. Nakalugar sa publikong daanan, ang billboards ay nakikipagkumpetisyon para sa ating atensyon. Kaya ang ngalan ng laro sa komersyo ay palakihan, pabigatan ng endorser, paliwanagan sa gabi, pasentrohan, at iba pa. At sa ganitong kumpetisyon sa negosyo naisasantabi ang politiko, na kung hindi pa gagamit ng celebrity endorser (kung iniisip pa na ang pangulo ay hindi politikal na liability), walang puwang ang tarpaulin ng politiko sa pangunahing kalsada. Kaya nagsisiksikan ang kanyang mas maliliit na signage at billboards sa mas nominal na kalsada at mga proyektong nakatago sa liblib na baranggay. Kinukuha na lang sa dami nito.

Ang biswal na kultura, tulad ng wika, ay negosasyon ng dalawang pwersa: ang mamamayang may pangangailangang umagapay sa politikal na kapangyarihan, at ang representatibo ng kapangyarihang may pangangailangan sa sa pagpolitisa sa mamamayan. Kaya rin mayroong potensyal sa pagbabalikwas sa wika at sining biswal. Halimbawa nito ay ang paggamit sa imahen ng politiko sa alternatibong proyektong politikal: ang pagrereferensiya ng korapsyon. Tampok rito ang paggamit sa imahen ni Arroyo para balikwasin ang kalidad ng pambansang politikal na pamahalaan. Ginagawang ibang hayog at nilalang si Arroyo: bampira at octopus, halimbawa. At sa pagganito, ang iniistorbo ang normalisasyon ng aksesorya ng kapangyarihan—na mayroong accountability na kaakibat sa paghawak ng publikong opisina.

### **Konklusyon**

Ang wika at sining biswal sa korapsyon ay likha sa pangunahin ng kulturang nagpapalaganap nito. May vested interes kung bakit ganito ang katawagan sa kalakaran sa korapsyon, ang mga kulay at imahen nito sa mga tarpaulin na nagpapahayag ng aspekto ng publikong antas ng korapsyon, na ang publikidad para sa publikong serbisyo ay indikasyon rin ng mas nakatagong korapsyong pampubliko. Integral sa pagbabalikwas sa kultura ng korapsyon ang mapanuring lente ng pagbabalangkas nito. At mula sa pagbabalikwas ng kondisyon ng posibilidad ng may kapangyarihang magpalaganap ng korapsyon, mailalatag ng mamamayan ang kondisyon ng imposibilidad para hindi na ito makapaghari.

---

<sup>1</sup> Ibon Media, “Major Corruption Scandals Under Arroyo Cost Filipinos Over P7 Billion,” [http://info.ibon.org/index.php?option=com\\_content&task=view&id=253&Itemid=1](http://info.ibon.org/index.php?option=com_content&task=view&id=253&Itemid=1), inakses ng 8 Disyembre 2008.



<sup>2</sup> Ibid.

<sup>3</sup> Philippine Development Forum, cited in Darwin Amojelar, “Corruption, inefficiency cost govt P30B yearly,” *Manila Times* (4 Apr 08), [http://www.manilatimes.net/national/2008/apr/04/yehey/top\\_stories/20080404top4.html](http://www.manilatimes.net/national/2008/apr/04/yehey/top_stories/20080404top4.html), inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>4</sup> Nicolas Nugent, “High cost of corruption in the Philippines,” *BBC News* (6 Dec 2000), <http://news.bbc.co.uk/1/hi/world/asia-pacific/1057716.stm>, inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>5</sup> Molly O Sheehan, “Corruption thwarts development,” *Vital Signs* (Worldwatch Institute, 2003), <http://www.mindfully.org/Reform/2003/Corruption-Development-May03.htm>, inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>6</sup> Ibon Media, *ibid.*

<sup>7</sup> Cited kay Jose Ma. Montelibano, “Most corrupt,” *Inquirer.net* (16 Mar 2007), [http://opinion.inquirer.net/viewpoints/columns/view\\_article.php?article\\_id=55114](http://opinion.inquirer.net/viewpoints/columns/view_article.php?article_id=55114), inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>8</sup> Cited in Raju Gopalakrishnan, “Arroyo ‘most corrupt’ Philippine leader: poll,” *Reuter* (11 Dec 2007), <http://www.reuters.com/article/worldNews/idUSSP30281220071212>, inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>9</sup> Cited in Lito Katigbak, “U.S. approves \$21 million anti-corruption grant to RP,” *Philippine Star* (18 June 2006), <http://www.newsflash.org/2004/02/hl/hl104277.htm>, inakses ng 8 Dis 2008.

<sup>10</sup> Inedit ito ni Bonifacio Ilagan, Center for People Empowerment in Governance, 2008.